


# Tala-paalala sa pagbubukas ng isang bank o credit union account

Maaari kang magpasya na ang isang checking o savings account ang tamang produkto para sa iyo. Kung gagawin mo, madali lamang ang pagbubukas ng isang account sa isang bangko o credit union.

## Pagbubukas ng isang account sa isang bangko o credit union

Una, maaaring gusto mong makatanggap ng payo mula sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan o miyembro ng pamilya para sa isang bangko o credit union. Alamin ang tungkol sa:

- Mga kabayaran na sinisingil nila
- Mga serbisyong ibinibigay nila, tulad ng online na pagbabayad ng bill
- Ang tubo na ibinabayad nila para sa savings accounts



### Tip

Alamin kung magkano ang kailangang mong itabi sa iyong account sa lahat ng panahon upang maiwasan o mabawasan ang mga kabayaran.

Tinatawag itong “minimum balance requirement [kinakailangang pinikamababang natira].” Maaaring hindi ito kapareho sa halagang pera na kailangan mo upang magbukas ng account.

Karaniwang kakailanganin mong ng halagang nasa pagitan ng \$25 at \$100 upang magbukas ng isang savings o checking account. Idideposito mo ang perang ito sa iyong account.

Kakailanganin mo rin ang dalawang uri ng ID upang magbukas ng isang account, Tatanggapin ng ilang bangko o credit union ang isang uri ng ID at isang bill na taglay ang iyong pangalan at address. Karaniwang kakailangan kang magpakita ng:

- Ang ID na linathala ng U.S. o pamahalaan ng state na may letrato mo, tulad ng driver's license, U.S. Passport, o pagkilanlang militar.

- Kung wala kang uri ng ID na linathala ng pamahalaan ng U.S., tatanggapin ng ilang bangko o credit union ang dayuhang pasaporte at mga Consular ID, tulad ng Matricula Consular card.

**At isa sa sumusunod:**

- Ang iyong Social Security card
- Ang isang bill na may taglay na pangalan at address
- Iyong birth certificate

## Ang Matricula Consular

Ang Matricula Consular ay isang opisyal na dokumentong pagkilanlan ng Pamahalaan ng Mehiko. Naghahandog ang ibang mga bansa, tulad ng Guatemala at Argentina, ng katulad na mga ID. Ibinibigay ang mga ito ng Konsulada sa United States. Kung nagmumula ka sa ibang bansa at walang ID na linathala ng U.S. o ng pamahalaang estado, bumisita sa konsulada ng iyong bansa para sa karagdagang ipormasyon sa kung paano makakuha ng ID card, at magtanong sa mga bangko at credit union kung tumatanggap sila nito.

## ITIN at mga account na may-tubo

Itinuturing na kinikita ang tubo sa iyong savings o checking accounts. Kung magkakamit ka ng tubo, kailangan mong magbayad ng buwis. Kaya kailangan mong magkaroon ng Social Security number o isang Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) sa pagbubukas ng isang account na nagbabayad ng tubo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ITIN at kung paano makakuha nito, makipag-ugnayan sa IRS sa 1-800-829-1040 o tingnan ang impormasyon na matatagpuan sa:

[www.irs.gov/Individuals/General-ITIN-Information](http://www.irs.gov/Individuals/General-ITIN-Information)

## Mga checklist para sa pagbubukas ng isang checking account

Gamitin ang mga checklist sa sumusunod na pahina upang matiyak na nasa iyo ang iyong kinakailangan sa pagbubukas ng isang account sa isang bangko o credit union.



# Mga checklist ng isang checking account

Tiyakin na nasa iyo ang iyong kinakailangan sa pagbubukas ng account sa isang bangko o credit union..

## Mga bagay na kailangan sa pagbubukas ng isang checking account

Impormasyong kailangan	Karagdagang mga tanong
<input type="checkbox"/> Isang ID na linathala ng U.S. o dayuhang pamahaan na may larawan mo. Tandaan na may kanya-kanyang patakaran ang bawat bangko o credit union sa mga dayuhang ID na tinatanggap nila.	
<input type="checkbox"/> Ang ikalawang uri ng ID: Ang iyong Social Security card, isang bill na taglay ang iyong pangalan at address, o ang iyong birth certificate.	
<input type="checkbox"/> Isang Social Security number o ITIN; kung wala, maaari ka lamang magbukas ng account na walang tubo.	
<input type="checkbox"/> Pera na pangbukas ng account.	

## Mga tanong na itatanong sa iyong tagapagtinda

Itanong sa iyong tagapagtinda ang tungkol sa:	Mga Punahin
<input type="checkbox"/> Minimum na balance na kailangan upang maiwasan ang buwanang mga service fee	
<input type="checkbox"/> Mga buwanang service fee	
<input type="checkbox"/> Direct deposit at kung tinatanggal nito ang buwanang kabayaran	
<input type="checkbox"/> Mga kabayaran sa bawat tseke o transaksyon	
<input type="checkbox"/> Kabayaran na kaugnay sa paggamit ng mga automated teller machine (ATMs)	
<input type="checkbox"/> Magagamit na Internet banking at anumang gastos	
<input type="checkbox"/> Magagamit na online na pagbabayad ng bill at anumang mga gastos	
<input type="checkbox"/> Paano maiwasan ang mga overdraft [lampas sa balance] na kabayaran	
<input type="checkbox"/> Mga abisong pambabala sa mababang balance	

## Makipag-ugnayan sa amin



Online

[consumerfinance.gov/askcfpb](https://consumerfinance.gov/askcfpb)



Sa pamamagitan ng telepono

Toll free: (855) 411-CFPB (2372)

TTY/TDD: (855) 729-CFPB (2372)



Sa pamamagitan ng sulat

Consumer Financial Protection Bureau

P.O. Box 4503

Iowa City, Iowa 52244



Magsampa ng reklamo

[consumerfinance.gov/complaint](https://consumerfinance.gov/complaint)



Consumer Financial  
Protection Bureau

GABAY SA BAGONG DATING SA PANGANGASIWA NG PERA